PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 41 DECEMBER 6 - 12, 2021 10.00

# Calabarzon, nangunguna sa 'Bayanihan Bakunahan' sa buong bansa

**Nangunguna pa rin ang rehiyon ng Calabarzon sa may pinakamaraming bilang ng mga nabakunahan, sa pagpapatuloy ng 'Bayanihan Bakunahan' massive vaccination drive ng pamahalaan.**



Batay sa datos ng Department of Health (DOH), aabot sa 368,721 ang bilang ng mga nabakunahan sa ikalawang araw ng national vaccination days, nitong Martes, Nobyembre 30.

Mula sa bilang na ito, 324,033 ang tumanggap ng paunang dose habang 33,225 ang tumanggap ng ikalawang dose ng bakuna. Nasa 11,463 indibidwal naman na pinapahintulutang makatanggap ng booster shot ang nabigyan din ng karagdagang dose ng bakuna.

Sinundan ito ng Central Luzon na may 247,045 bilang ng mga nabakuanahan; Central Visayas na mayroong 221,481; Western Visayas na mayroong 181,948; at, Bicol Region na mayroong 175,061 bilang ng mga indibidwal na tumanggap ng bakuna.

Bagama't bigong makamit ang 1-milyong daily vaccination target na itinakda ng National Vaccination Operations Center ay nalagpasan naman ng rehiyon ang adjusted vaccination target nito na 340,000, ayon sa DOH Region 4A.

Sa kabuuan, aabot na sa 747,672 ang bilang ng

(continued on page 4)


Nasa 85,352 indibidwal na ang nabakunahan kontra COVID-19 as of December 3, 2021.

Nais ipaunawa ng Municipal Health Office na ang bilang ng mga nababakunahan ay depende sa bilang ng dumadating na supply mula sa national government.

Simultaneous ang pagbabakuna ng A1 to A5 groups at general population.

Ginagawa ng MHO ang lahat ng makakaya nito upang mas mapabilis ang vaccination.

Maraming salamat sa inyong pag unawa at pakikiisa sa Pamahalaang Bayan ng Carmona.




# Duterte names Dionardo Carlos as next PNP chief

By Ruth Abbey Gita-Carlos and Christopher Lloyd Caliwan


Lt. Gen. Dionardo Carlos (Photo courtesy of PNP)

MANILA – President Rodrigo Duterte has named Lt. Gen. Dionardo Carlos as the next chief of the Philippine National Police (PNP), Malacañang announced on Wednesday.

Duterte signed Carlos' appointment paper on Wednesday, Presidential Spokesperson Harry Roque said in a press statement.

Roque said Carlos' appointment will take effect on Nov. 13.

"We confirm that President Rodrigo Roa Duterte signed today, November 10, 2021, the appointment of Dionardo Bernardo Carlos as the new Chief of the Philippine National Police (PNP), effective November 13, 2021," Roque said.

Roque said the Palace is confident that Carlos could lead the police force.

"We are confident that Gen. Carlos will continue making the PNP a professional, capable and reform-oriented organization that we envision it to be. We wish Gen. Carlos all the best as the new PNP Chief," he said.

Carlos will replace PNP chief Gen. Guillermo Eleazar who will bow out of the service on Nov. 13 upon reaching the mandatory retirement age of 56.

Prior to his new stint, Carlos served as the PNP chief of the Directorial Staff.

He is holding the fourth highest position in the PNP before being named as the country's top cop.

Carlos, a member of the Philippine Military Academy "Maringal" Class of 1988, also became the PNP Director for Integrated Police Operations in Visayas and in

(continued on page 4)






Kasama po ang Team AJAA ay pinasinayaan po n ang pagbubukas ng kalsada pong ito sa Pasong Buaya 1. Ang layunin po nito ay ang makabawas sa pagbabaha sa lugar pong ito at ng kahit papaano ay makatulong na maging maaluwan ang mga nakatira dito.



DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

FUNNSIDE ningnangan

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com

# DTI, LGU support local MSMEs with livelihood project

Trece Martires, Cavite (PIA) – A total of forty-nine (49) Micro Small and Medium Enterprises (MSMEs) in the municipality of Noveleta received packs of Alaska milk products and financial assistance in a turn-over and distribution ceremony held Wednesday, November 24, 2021 at the Unlad Noveleta Gymnasium in Barangay San Rafael II.

This is part of the formal launch of the Alaskabuhayan Livelihood and Nutrition Project, a partnership of the Department of Trade and Industry (DTI)-Cavite, Alaska Milk Corporation and the local government of Noveleta which aims to aid MSMEs and their food businesses during the COVID-19 pandemic.


Among the beneficiaries are milk tea shops, eateries, and other food and beverage businesses.

The distribution ceremony was led by Mayor Dino Reyes-Chua with DTI - Regional Operations Group Assistant Secretary Dominic Tolentino, together with DTI- Provincial Director Revelyn Cortez.

During the program, the beneficiaries also received financial assistance from the LGU under the Tulong Puhunan program with amounts ranging from P3K to P5K as additional capital for their businesses.

Part of the assistance from the AlasKabuhayan Livelihood program are free cooking lessons to food business entrepreneurs slated in the coming days.

Present in the event were Vice Governor Jolo Revilla, 1st District Board Member Davey Chua, and the Municipal Councillors of Noveleta who assisted in the distribution activity. (RBF/ PIA-Cavite)




ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

# Sinseridad ni Ping

PASPASAN na ang panliligaw ngayon ng mga pulitiko sa mga botante. Busy na sila sa pagpunta sa maraming lugar sa bansa kaya nalalabag na ang health protocols. Subalit wala namang magagawa ang mga kandidato dahil kagustuhan ito ng followers nila. Lahat nang pulitiko ay magaganda ang mga pangako kung sila ay papalaring manalo. Gaya ng pagsugpo sa korapsiyon at droga, pagkakaroon ng hanapbuhay, pabahay at programang pangkalusugan lalo ang may kaugnayan sa COVID-19. Walang tulak-kabigin sa presidentiables.

Ang masakit lang ay yung puspusan ang pagpunta ng isang kandidato sa maraming lugar pero hindi pa tiyak kung madidiskuwalipika o hindi ang kandidatura. May kinakaharap kasing masalimuot na kasong nakasampa sa Commission on Election. Gaya ni Bongbong Marcos na kawing-kawing ang reklamong nakasampa sa Comelec. Hindi pa tiyak kung ano ang magiging kapalaran ni Bongbong dahil kasalukuyan pang dinidinig ang reklamo sa Comelec.

Ang pambato naman ni Digong na si Sen. Bong Go ay umatras na sa pagka-presidente dahil umano sa kahilingan ng kanyang pamilya. Hindi pa raw panahon niya. Kaya sa pag-atras ni Bong Go, katanungan ngayon kung sino ang iendorso ni Digong. Tanging si Digong ang makakasagot nito.

Kapag inihayag ni Digong ang kanyang susuportahan, mahahati ang boto ng mga oposisyon na sina Vice President Leni Robredo, Manila Mayor Isko Moreno at Sen. Ping Lacson. Ang boto ay maaaring mapunta sa susuportahan ni Digong.

Pero hindi dapat maging kampante kung sinuman ang kandidatong susuportahan ni Digong dahil habang papalapit ang halalan, lumalakas ang partido nina Ping Lacson at Tito Sotto. Nakikita ang sinseridad ni Ping sa pagkapresidente. Matigas ang paninindigan ni Ping na kakalusin ang mga korap, drug syndicates at mga criminal.

Noong PNP chief pa si Ping, nilumpo niya ang -gambling lords sa buong bansa dahil sa walang humpay na pananalakay. Tinanggal niya ang mga abusadong pulis kaya bumango ang imahe ng PNP. Kaya kung papalarin si Ping, makakamtan ng taumbayan ang pagbabago na matagal na nilang inaasam. At para mas malakas ang puwersa ni Ping, isama n'yo na rin si dating PNP chief Gen. Guillermo Eleazar bilang senador. Makakatulong siya ni Ping dahil action man ang taong ito.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

# Calabarzon, ......

mga nabakunahan sa Calabarzon sa unang dalawang araw ng Bayanihan Bakunahan.

Sa isang pahayag, sinabi ni DOH 4-A Regional Director Ariel Valencia na ang tumataas na bilang ng pagbabakuna ay patunay ng tumataas na tiwala ng publiko sa mga bakuna kontra Covid-19.

"These figures only shows that people are already acknowledging the importance of Covid vaccines to their health. Mas maraming taong nababakunahan, mas magiging protektado ang ating mamamayan laban sa Covid virus," pahayag ni Valencia.

Dagdag pa ni Valencia, bukod sa target na itinakda ng NVOC ay nagtakda rin ang DOH 4-A ng 'realistic goal' na 340,000 bilang ng mga nababakunahan kada araw.

"We have set a realistic goal of at least 340,000 vaccinees daily during the 3-day NVD in order to cover all the unvaccinated eligible populations in the provinces, especially those in GIDA communities," dagdag ni Valencia.

Tiwala ang DOH 4-A na malalagpasan pa ng mga lokal na pamahalaan ang bilang ng mga nabakunahan sa pagpapatuloy ng Bayanihan Bakunahan ngayong Miyerkules, Disyembre 1 na higit na makakatulong upang makamit ang target na herd immunity sa rehiyon. — FC

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER'Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Nasa kalooban ang abundant life, kaya naman determinado ka na malampasan ang mga pagsubok sa buhay at kabuhayan. Magtatagumpay kung magiging matalino sa iyong decision-ma-kings. Lucky numbers at color for the day ang 52, 15, 26, 47, 37 at duhat purple.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Maraming gawain ang matatapos, dahilsa blessing na darating. Huwag makalimot na magpasalamat. Lucky numbers at color for the day ang 39, 17, 41, 21, 51 at shocking pink.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Nasa kalooban mo ang tumulong sa mga tao. Tuloy-tuloy ang mga proyekto na magpapakapal sa wallet mo. Lucky numbers at color for the day ang 47, 36, 53, 15, 26 at sunyellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Kung nakakaranas ng physical violence sa kapareha, kalasan mona. Iisa ang buhay, maging matalino ka. Lucky numbers at color for the day ang 47, 18, 37, 26, 56 at cherry red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Angmgainaasahan ay hindimangyayari. Pero huwag panghinaan ng loob, dahilang pinakamainam ang mananaig. Lucky numbers at color for the day ang 17, 26, 29, 32, 45 at satin white.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Ang tambak na opportunities ay makapagpapalito sa'yo. I-commit langang sarili sa kaya mongi-manage. Lucky numbers at color for the day ang 15, 21, 46, 32, 55 at lavender.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Simulan ang bagong negosyo para matupad ang mga pangarap. Pero kung hahaluan ng bisyo, huwagna lang. Lucky numbers at color for the day ang 26, 31, 42, 53, 16 at cyan blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Hindi mo man makontrol ang sasabihin ng iba, magagawa mo naman ito sa iyong sarili. Kalma ka lang. Lucky numbers at color for the day ang 29, 16, 32, 45, 56 at fuchsia pink.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Handa kana sa isang relationship, pero hindi ang parents mo. Gumawa ng paraan, ipakilala ang suitor mo. Lucky numbers at color for the day ang 21, 38, 45, 12, 52 at sapphire blue.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Ang kabuu-an ng pangarap ay naglalandas palang, kaya magpa-katatag. Huwag kang susuko. Lucky numbers at color for the day ang 42, 37, 22, 16, 48 at mango orange.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Surprise mo ng matatanggap ang pa-kunswelo ng iyong client. Kung inenegosyoito, lalago. Kaya kilos na! Lucky numbers at color for the day ang 57, 33, 26, 45, 55 at ruby red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ang pagiging masayahin ay aakit ng clients. Patuloy ang daloy ng kasaganahan. Palaguin ito,i-share saiba. Lucky numbers at color for the day ang 15, 39, 46, 56, 38 at mocha brown.

## Palace urges LGUs to accept walk-ins in 'Bakunahan 2'

By Azer Parrocha

MANILA – The second round of the national vaccination against Covid-19 can accommodate more if walk-ins will be allowed in all local government units (LGUs).

Cabinet Secretary Karlo Nograles, acting Presidential spokesperson, said it is among the suggestions for the second "Bayanihan, Bakunahan" drive from December 15 to 17.

"Siyempre iyong sinasabi namin na mga improvements like accommodating walk-ins. But the process, it's really up to the LGUs and then kung paano iyong proseso. Ang paki-usap lang namin ay magkaroon ng sistema also for walk-ins (Of course, we're saying there should be improvements like accommodating walk-ins. But as for the process, it's really up to the LGUs and then how the process would be done. Our appeal is that there should be a system for walk-ins)," he said in a radio interview on Sunday.

Citing President Rodrigo Duterte's directive, he said LGUs are encouraged to extend their average 12-hour operating time until there are still people queueing up to for jabs.

"Direktiba rin po iyon ng Pangulo. Ang sabi nga niya basta may nakapila pa diyan, nandoon pa sa linya, may nag-aantay pa eh huwag ninyo pong isara ang vaccination sites (That's the President's directive. He said that as long as someone is waiting in line, don't close the vaccination site)," he added.

Duterte suggested keeping vaccination sites open daily to accommodate more.

Nograles said LGUs may also want to consider enhancing their house-to-house efforts for senior citizens and persons with comorbidities.

"Several or many of the LGUs ay gumagawa po ng mga house-to-house. Kung lahat po ng LGUs ay magkaroon ng ganiyang klaseng initiative especially para sa mga senior citizen natin at iyong mga, those with comorbidities, mas maganda po iyan (Several or many of the LGUs conduct house-to-house vaccination. If all LGUs do the same initiative especially for senior citizens and those with comorbidities, it would be even better)," he said.

Meanwhile, Nograles reminded the public to refrain from being selective over vaccine brands,

"Kailangan paulit-ulit po nating banggitin at i-remind ang lahat 'no na wala na dapat iyong brand preference. Kung ano pong mayroon diyan, iyan pong lahat ng mga vaccines po natin ay safe and effective po para sa lahat (We need to repeatedly remind the public that there should be no brand preference. The vaccines we have are all safe and effective for everyone)," he said.

The first "Bayanihan, Bakunahan" on November 29 to December 1 inoculated 8 million recipients.

The extension for two more days in some LGUs raised the count to 9.9 million, enabling the government to exceed its target of 9 million. (PNA)

## Mendez town now connected thru free Wifi access

Trece Martires, Cavite (PIA) – The upland town of Mendez-Nuñez will now enjoy free WiFi connectivity in several public locations in the town thru the LINKod Kabitenyo Free WiFi program of the provincial government.

The said program aims to provide free internet access thru wifi connection for use of the students, teachers, frontliners, and all Caviteños who wish to learn and be updated with informative facts.

There will be three (3) access points for every Barangay in the locality for an expansive and better internet connection.

Five of the public schools in the town: Mendez Central School, Galicia Elementary School, Panungyan Elementary School, Anuling Elementary School, Palocpoc National High School and Palocpoc Elementary School have been installed with access points for the free WiFi service.

The local government headed by Mayor Fredderick Vida is grateful to the Cavite Provincial Government for prioritizing the Mendez-Nuñez town for this project because this would be a very big help to the students and teachers who are adapting to the New Normal mode of education thru online classes, and may be used for work-related purposes as well.

The LGU is currently coordinating with the Provincial Government for the installation of access points in all of the remaining schools in the town. (RBF/PIA-Cavite)




Angel's
HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 41 DECEMBER 6 - 12, 2021 10.00

**MERON PO TAYO NITO NGAYON:**
**Educational Assistance ( Children of SOLO PARENTS )**
**SUNONG DUNONG ASSISTANCE ( for In-School PWD )**



Halos 800 na beneficiaries ng ating Pamahalaang Lungsod para sa educational assistance ng ating mga ka-Solo parent.
Kasunod naman nito ang financial assistance sa ating mga miyembro ng PWD na kung saan ay higit 300 ang nakinabang para sa programang SUNONG DUNONG thru
Kasama ang buong Team Lubigan, asahan po ninyo na patuloy tayong mag bibigay ng mga programa at suporta sa inyong mga sector.
Salamat din Tax Payers!



Ibinahagi ni Dasmarinas City Councilor Kiko Barzaga ang kanilang naging pagbisita sa Pamaskong Handog Warehouse kung saan pansamantalang inilalagak ang mga ipapamahaging Christmas package sa mga residente ng lungsod.
Photos: Kiko Barzaga (FB)

# Cavite Tourism

## CAVITE SUPPORTS NAITAS TRAVEL SHOW:

As part of the tourism recovery campaign of the province, the Provincial Government of Cavite, through the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office in coordination with Alfonso Turismo, Tagaytay Tourism and Indang Tourism Office, conducted a familiarization tour for local travel agents on November 25, 2021. The members of the National Alliance of Independent Travel Agencies (NAITAS-Cavite Chapter) joined the activity with the primary purpose of gaining first-hand experience on the offerings of different tourist attractions for them to create appealing tour packages and better promote the province's emerging destinations. The said event is also in preparation for the upcoming NAITAS Travel Show 2021 Bicol Edition on December 4, 2021. The destinations visited include EMV Flower Farm and CvSU Agri-Eco Park in Indang, Queen's Strawberry Farm and Sonya's Garden in Alfonso, and The Banquet OTOP Hub, a one-stop-shop for tourists visiting Cavite, located in Tagaytay City.-- (Rochelle D. Bawalan, Tourism Operations Officer II)







Katuwang ang DSWD at kasama po ang Team AJAA, tayo po ay nakapag-abot ng tulong sa mga kababayan nating patuloy na lumalaban sa epekto ng pandemya. Bukod po sa tulong na naiabot ay nabigyan po tayo ng pagkakataon na makamusta ang mga benipisyaryo ng financial assistance (medical at burial).

Hiling po namin ay makatulong ito sa inyo at sa inyong pong mga pamilya upang matugunan po ang inyong mga pangangailangan.